



REGIONAL ADVISORY

July 26, 2019

PAMBANSANG PALIGSAHAN SA ISPELING: IISPEL MO!



1. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay humihiling ng tulong at pakikiisa para sa pakikilahok ng lahat ng mga guro at mag-aaral sa ikaanim (6) na baitang ng mga publiko at pribadong paaralan.
2. Ang layunin ng paligsahan na higit pang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa wastong ispeling sa wikang Filipino gamit ang bagong ortograpiyang pambansa.
3. Ang eliminasyon ng paligsahan ay isasagawa sa division level at ang mananalo sa bawat division ang lalahok naman sa paligsahan sa regional office.
4. Ang mananalo sa regional level ang siyang kakatawan sa rehiyon sa national level na gaganapin sa 30 Nobyembre 2019 sa SEAMEO INNOTECH Pearl Hall, Commonwealth Avenue, Diliman, Lungsod Quezon.
5. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magkakaloob ng premyong cash sa mag-aaral at tagapagsanay na mananalo sa national level at tatanggap ng plake at tropeo ang kaniyang paaralan at rehiyon.
6. Sasagutin ng KWF ang tatlong (3) araw na akomodasyon at pagkain ng mga kinatawan ng rehiyon at tatlo(3) nitong kasama (isang magulang/guardian), taga pagsanay, at Regional Supervisor sa Filipino sa University Hotel ng UP Diliman Campus, Lungsod Quezon.
Samantala, pagtutulungan ng KWF at Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL) ang pangangasiwa at pagsubaybay sa paligsahan na isasagawa sa buong bansa.
7. Kalakip nito ang DepED Advisory No.)052, s. 2019 na may petsang 10 Abril 2019 at ang Pamantayan sa Pambansang Paligsahang ito.
8. Para sa iba pang mga tanong o paglilinaw, mangyaring tumawag sa telepono bilang (02) 243-9789 o cp no. 09566154151 at hanapin si G. John Enrico C. Torralba o sumulat sa momisyonsawika@gmail.com
9. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Advisory na ito.

Enclosure: see attached

Reference: Letter from Komisyon sa Wikang Filipino to RD Francis Cesar B. Bringas
To be indicated in the PERPETUAL INDEX under the following subjects:

ISPELING
PALIGSAHAN

WIKANG FILIPINO
LEARNING AREA, FILIPINO

CLMD/jpe
07/26/2019



2019-07-10453

